SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

**Utos Blg. c19-5f – Appendix C-1 (NIREBISA): Mga Karagdagang Negosyo na Pinapahintulutang Magpatakbo**

**Magkakaroon ng Bisa sa Hunyo 6, 2020**

**Mga Pangkalahatang Ipinag-aatas**

Ang mga nakalistang "Karagdagang Negosyo" sa ibaba ay maaaring magsimulang magpatakbo, alinsunod sa mga ipinag-aatas na itinakda sa Utos at sa anumang karagdagang ipinag-aatas na itinakda sa ibaba o sa hiwalay na gabay na partikular sa industriya ng Opisyal ng Kalusugan. Ang mga negosyong ito ay pinili para sumunod sa mga utos at gabay na inilabas ng Estado ng California at batay sa pagsasaalang-alang nito na naaangkop lang na payagan ang mga negosyong ito na muli nang magpatakbo, at dapat ipakahulugan ang Appendix na ito nang naaayon dito.

Para mabawasan ang panganib ng transmisyon hangga't posible, bago magpatuloy ng mga pagpapatakbo, dapat isagawa ng Mga Karagdagang Negosyo ang sumusunod:

a. Maghanda, magpaskil, magpatupad, at magpamahagi sa kanilang mga Tauhan, gaya ng tinutukoy sa ibaba, ng Protokol sa Social Distancing alinsunod sa Seksyong 15.h ng Utos para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa County na madalas puntahan ng mga Tauhan o miyembro ng publiko. Kung isa itong negosyo para sa serbisyo na nagpapatakbo sa bahay ng mga customer, sa halip ng pagpapaskil sa bahay, dapat itong magpadala ng electronic na bersyon ng Protokol sa Social Distancing sa customer nang kahit isang araw nang mas maaga sa serbisyong ibinibigay; at
b. Maghanda, magpaskil, magpatupad, at magpamahagi sa kanilang mga Tauhan ng nakasulat na plano sa kalusugan at kaligtasan gaya ng ipinag-aatas ng Estado ng California na nakabalangkas sa gabay nito, na naglalahad ng lahat ng naaangkop na pinakamahusay na kagawiang itinakda sa mga nauugnay na direktiba ng Opisyal sa Kalusugan, kasama ang kung paano ito susunod sa lahat ng naaangkop na gabay sa Buong Estado na inilabas ng Estado ng California, na sa pamamagitan nito ay isinasama ayon sa sanggunian at dapat ituring na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan. Kung isa itong negosyo para sa serbisyo na nagpapatakbo sa bahay ng mga customer, sa halip ng pagpapaskil sa bahay, dapat itong magpadala ng electronic na bersyon ng plano sa customer nang kahit isang araw nang mas maaga sa serbisyong ibinibigay.

Gaya ng pagkakagamit sa Appendix C-1, tumutukoy ang "Mga Tauhan" sa mga sumusunod na taong nagbibigay ng mga produkto at serbisyong nauugnay sa Karagdagang Negosyo sa County: mga empleyado; contractor, at sub-contractor (gaya ng mga nagbebenta ng mga produkto o nagsasagawa ng mga serbisyo sa site o nagde-deliver ng mga produkto sa negosyo); mga independent na contractor (tulad ng mga "gig worker" na nagsasagawa ng trabaho sa pamamagitan ng app o iba pang online na interface ng Karagdagang Negosyo); mga vendor na pinapayagang magbenta ng mga produkto sa site; mga boluntaryo; at iba pang indibidwal na regular na nagbibigay ng mga serbisyo sa site kapag hinihiling ng Karagdagang Negosyo.

Gayundin, dapat sumunod ang Karagdagang Negosyo sa Mga Ipinag-aatas sa Social Distancing, pati na rin sa lahat ng nauugnay na gabay ng estado (na makikita rito: https://covid19.ca.gov/industry-guidance/), mga lokal na direktiba, at mga utos ng Opisyala sa Kalusugan. Kung may hindi pagkakatugma na sa pagitan ng gabay ng estado at lokal na direktiba sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa COVID-19 na pandemya, kasama ang mga kautusan ng Opisyal sa Kalusugan, masusunod ang may pinakamahigpit na probisyon.

**Listahan ng Mga Karagdagang Negosyo:**

Para sa mga layunin ng Utos, kasama sa Mga Karagdagang Negosyo ang sumusunod:

**(1) Mga Retail na Tindahan at Retail na Supply Chain na Negosyo** (kasama ang mga indoor at outdoor na shopping mall; tindahan ng libro; tindahan ng alahas; tindahan ng laruan; tindahan ng damit at sapatos; tindahan ng gamit sa bahay; tindahan sa produkto para sa sports; at nag-aayos ng bulaklak).

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Natukoy ng Estado ng California na naaangkop na payagan ang mga negosyong ito na magpatuloy sa pagpapatakbo. Para sa paglilinaw, hindi kasama sa probisyon na ito ang mga negosyo tulad ng mga dine-in na restaurant, stadium, music venue, entertainment venue, at teatro.

b. Paglalarawan at Mga Karagdagang Kundisyon sa Pagpapatakbo. Ang mga retail na negosyo at ang mga negosyong sumusuporta sa mga ito ay pinapayagang magpatakbo alinsunod sa mga nakasaad na limitasyon at kundisyon:

i. Ang mga retail na tindahang ito ay dapat (kung maaari) mag-alok ng pag-pick up sa curb/labas o delivery, at ng drive-through na window bilang paraan para maiwasan ang pagkakatipon ng maraming tao at mapadali ang pagdistansya sa isa't isa sa loob ng retail na negosyo. Sa pag-pick up sa curb/labas, dapat ipatupad ng mga retail na negosyo ang sumusunod:

a. Maliban kung iba ang nakasaad sa subsection (b) sa ibaba, ang mga tindahan ay dapat may direktang access sa katabing sidewalk, kalsada, o eskinita para sa pag-pick up ng mga customer, gamit ang anumang paraan ng pagbiyahe, nang hindi hinaharangan ang daraanan ng mga naglalakad o hindi nagdudulot ng pagsisikip para sa naglalakad o sasakyan.

b. Ang mga retail na tindahan, kasama ang mga nasa saradong indoor na shopping center, na walang direktang access sa isang sidewalk, kalye, o eskinita sa malapit ay dapat gumawa ng nakasulat na plano, sa pakikipagtulungan sa may-ari ng gagamiting lokasyon, pati sa operator o may-ari ng shopping center, para makapagtalaga ng malilinaw na outdoor na lokasyon para sa pag-pick up. Dapat ding tugunan ng plano kung paano susubaybayan at papamahalaan ng plano ang proseso ng pag-pick up, tutugunan ang mga customer na gumagamit ng anumang paraan ng paglalakbay, at gagawin ito nang hindi nahahadlangan ang access ng mga pedestrian at hindi nagdudulot ng pagkakatipon ng mga tao o trapiko, at natitiyak ang pagdistansya sa isa't isa. Dapat ding tugunan ng plano kung paano nito makakamit ang katulad na mababang antas ng contact at bilang ng mga contact sa mga pag-pick up sa curb sa mga hindi nakasarang shopping center.

c. Dapat i-order nang mas maaga at nang malayuan ang mga produkto sa pamamagitan ng telepono, internet, o iba pang teknolohiya.

ii. Dapat tukuyin ng mga retail na tindahan kung saan maaaring bumili in-store, sa kinakailangang plano sa kalusugan at kaligtasan, ang bilang ng mga mamimili (nang sumusunod sa anumang kinakailangan o limitasyong itinakda ng Estado ng California) na maaaring papasukin sa paraan kung saan magagawa ng mga mamimili at tauhan na patuloy na dumistansya sa isa't isa, at dapat

magpatupad ang mga nasabing tindahan ng mga pag-iingat para maipatupad ang limitasyong iyon.

iii. Ang mga negosyong nagmamanupaktura ng mga produktong ibinebenta sa mga retail na tindahan na nasasaklaw sa kategoryang ito ay pinapayagang magpatakbo, pero hanggang sa limitasyon lang na ang mga ito ay nagmamanupaktura ng mga produkto para sa mga retail na tindahang ito.

iv. Pinapayagang magpatakbo ang mga negosyong nagbibigay ng warehousing at lohistikal na suporta sa mga retail na tindahan na ito, ngunit hanggang sa limitasyon lang na nagsusuporta ang mga ito sa mga retail na tindahang ito.

(2) **Mga Limitadong Serbisyo na Hindi Nangangailangan ng Malapitang Kontak sa Customer** (gaya ng pag-groom ng alagang hayop; paglalakad-lakad sa aso; car wash; pagpapa-repair ng appliance; residensyal at janitorial na paglilinis; at plumbing).

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Natukoy ng Estado ng California na naaangkop na payagan ang mga negosyong ito na magpatuloy sa pagpapatakbo. Bukod pa rito, ang Mga Limitadong Serbisyong ito ay may mababang intensidad ng contact. Para sa paglilinaw, hindi kasama sa probisyon na ito ang mga negosyo tulad ng mga dine-in na restaurant o hair salon at barbershop. Gayundin, ang pagbubukas sa mga serbisyong ito ay dapat magresulta sa limitadong pagdami ng mga tao na pumapasok muli sa trabaho, at makatuwirang mapapababa ng kabuuang dami ng komersyal na aktibidad at hakbang sa mitigasyon ang nagreresultang panganib sa publiko.

b. Paglalarawan at Mga Karagdagang Kundisyon sa Pagpapatakbo. Ang Mga Limitadong Serbisyo ay mga serbisyong isinasagawa sa paraan kung saan ang provider ng serbisyo at customer ay nagpapanatili ng anim na talampakang distansya at nagsusuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras. Dapat i-disinfect ng mga tauhan ang anumang surface sa bahay ng mga customer o item ng customer na hahawakan nila bago at pagkatapos ng serbisyo.

(3) **Mga Outdoor na Museo**

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Natukoy ng Estado ng California na naaangkop na payagan ang mga negosyong ito na magpatuloy sa pagpapatakbo. Bukod pa rito, mababa ang intensidad ng contact sa Mga Outdoor na Museo at may katamtaman na dami ng contact ang mga ito, kapag nangyayari sa labas ang interaksyon sa pagitan ng mga Tauhan ng negosyo at customer. Dahil outdoors ang operasyon ng Mga Outdoor na Negosyo, mas maliit ang posibilidad sa mga ito na magkaroon ng transmisyon kumpara sa karamihan ng mga indoor na negosyo. Gayundin, ang mga outdoor na museo ay dapat magresulta sa limitadong pagdami ng mga tao na pumapasok muli sa trabaho, at makatuwirang mapapababa ng kabuuang dami ng komersyal na aktibidad at hakbang sa mitigasyon ang nagreresultang panganib sa publiko.

b. Paglalarawan at Mga Karagdagang Kundisyon sa Pagpapatakbo. Ang mga Outdoor na Museo ay museo na ang mga exhibition ay nasa labas, at pinapayagang magpatakbo alinsunod sa mga karagdagang inilahad na limitasyon at kundisyon:

i. Sa lahat ng oras ay dapat magsuot ang mga Tauhan at customer ng takip sa mukha; at

ii. Ang anumang indoor na bahagi ng museo ay dapat manatiling nakasara sa publiko.

**(4) Mga Opisina**

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Natukoy ng Estado ng California na naaangkop na payagan ang mga Opisina na magpatuloy sa pagpapatakbo. Bukod pa rito, ang pagbubukas ng Mga Opisina ay magreresulta sa limitadong pagdami ng bilang ng mga taong bumabalik sa trabaho dahil iniaatas pa rin ng Utos na ang mga tao lang na hindi makakapagtrabaho sa kani-kanilang tahanan ang dapat italaga ng mga negosyo, at maaaring mapaliit ng pangkalahatang dami ng komersyal na aktibidad at mga pag-iingat ang kahihinatnang panganib sa pampublikong kalusugan.

b. Paglalarawan at Mga Karagdagang Kundisyon sa Pagpapatakbo. Para sa negosyo na hindi Mahalagang Negosyo, isang Outdoor na Negosyo, o Karagdagang Negosyo, maaaring buksan ng negosyo ang Mga Opisina nito pero hanggang sa limitasyon lang na ang mga taong nagtatrabaho sa Mga Opisinang ito ay hindi makakagawa ng kanilang mga tungkulin sa bahay, at ang alinman sa mga nasabing tumatakbong Opisina ng negosyo ay dapat magtiyak na kaunti lang ang contact sa mga miyembro ng publiko, walang indoor na personal na komersyal na aktibidad, at nasusunod ang mga Ipinag-aatas sa Social Distancing at ang Utos sa Pagtatakip ng Mukha.

**(5) Mga Mahalagang Negosyo na Tinukoy ng Estado**

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Maaaring muli nang patakbuhin ang operasyon, na isinasagawa lang ng mahahalagang manggagawa, ng anumang negosyong tinukoy ng Estado ng California bilang mahalagang kritikal na sektor (available sa: https://covid19.ca.gov/essential-workforce/). Ang pagpapatakbo ng Ma Karagdagang Negosyong ito ay dapat magresulta sa limitadong pagtaas ng dami ng taong muling pumapasok sa trabaho dahil nagtukoy kamakailan ang Utos ng dalawampu't anim na Mahalagang Negosyo at ipinag-aatas ng Utos na italaga lang ng mga negosyo ang hindi makakagawa ng kanilang mga tungkulin sa bahay na magtrabaho sa labas ng bahay.

**(6) Mga Lugar ng Pagsamba**

a. Batayan para sa Pagdaragdag. Mga personal na serbisyo sa mga lugar ng pagsamba na aktibong pinapamahalaan at sinusubaybayan sa paraang nagtitiyak na naipapatupad ang social distancing, pagtatakip ng mukha, at lahat ng iba pang kinakailangan, pati na rin ang pagpapatupad ng mga utos ng Opisyal ng Kalusugan, at ganap na nababawasan ang posibilidad ng transmisyon. Bukod pa rito, natukoy ng Estado ng California na naaangkop na payagan ang mga negosyong ito na magpatuloy sa pagpapatakbo.

b. Paglalarawan at Mga Kondisyon. Bukod sa pagsunod sa lahat ng gabay ng estado at gabay na inilabas ng Centers for Disease Control and Prevention (na makikita sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/index.html), na isinasama at iniaatas rito sa pamamagitan ng pagbanggit, maaaring ibalik ng mga lugar ng pagsamba ang mga personal na serbisyo kung ipinapaliwanag din ng Kinakailangan nito sa Social Distancing kung paano nakakamit ng lugar ng pagsamba ang mga sumusunod:
   i. Ang mga tauhang nasa malaking panganib (may edad na mahigit 50 taon o may mga pabalik-balik na kondisyon sa kalusugan) ang itatalagang magtrabaho sa bahay kung posible;
   ii. Lubos na hinihikayat ang mga congregant na nasa malaking panganib (may edad na mahigit 50 taon o may mga pabalik-balik na kondisyon sa kalusugan) na huwag sumali sa mga personal na serbisyo, at sa virtual na paraan na lang sumali;

iii. May mga ginagawang pagbabago sa mga proseso ng trabaho para maparami ang mga oportunidad ng mga tauhan na sa bahay magtrabaho;

iv. Ang mga maaaring pumunta sa mga serbisyong nauugnay sa pananampalataya at seremonyang nauugnay sa kultura sa lugar ng pagsamba ay limitado sa maximum na 25% ng kapasidad ng gusali o sa 100 indibidwal, alinman doon ang mas kaunti. Susuriin ng Estado ng California ang limitasyong ito sa mga maaaring pumunta nang hindi bababa sa isang beses bawat 21 araw, simula sa Mayo 25, 2020. Isinaad ng Estado ng California na tatasahin nito ang mga epekto ng mga nasabing ipinapatupad na limitasyon sa pampublikong kalusugan at na magbibigay ito ng higit pang tagubilin bilang bahagi ng paunti-unting pag-restore ng mga aktibidad sa mga lugar ng pagsamba. Kung may anumang babaguhin ang Estado ng California, pag-iisipan din ng Opisyal ng Kalusugan kung gagawa ito ng mga pagbabago;

v. Pinagbabawalan ang mga taong kumain o uminom sa anumang bahagi ng lugar ng pagsamba;

vi. Kung nakabukas ang mga banyo, lilinisin ang banyo pagkatapos ng bawat paggamit;

vii. Kung saan ang mga pila ay maaaring mabuo sa pasukan at labasan ng lugar ng pagsamba, nagmamarka ng hindi bababa sa anim na talampakang mga distansya, tumukoy kung saan dapat tumayo ang mga indibidwal para mapanatili ang sapat na panlipunang pagdistansya;

viii. Nakatalaga bilang one-way ang mga daanan sa lugar ng pagsamba para masuportahan ang pagdistansya sa isa't isa;

ix. Dapat manatili ang mga bata sa pangangalaga ng kanilang sambahayan/unit ng tirahan at hindi dapat sila makipag-ugnayan sa mga bata mula sa ibang party sa lahat ng pagkakataon habang bumibisita sila sa mga pasilidad. Bukod pa rito, dapat ihinto ng mga lugar ng pagsamba ang mga aktibidad at serbisyo para sa mga bata (kasama ang, halimbawa, mga ibinabahaging palaruan) kung saan hindi magagawang dumistasya sa isa't isa nang may layong hindi bababa sa anim na talampakan; at

x. Pagbabawal pagkatapos ng mga pagtitipon para sa serbisyo.

**(7) Outdoor na Dining**

a. <u>Batayan para sa Pagdaragdag.</u> Sa outdoor na dining, may access sa mga bagong-lutong meal nang may mas maliit na posibilidad ng transmisyon. Dahil lilimitahan ang serbisyo sa pagkain sa mga outdoor na lugar, katamtaman lang ang magiging pangkalahatang pagtaas ng bilang ng aktibidad. Bukod pa rito, mas maliit ang posibilidad ng transmisyon sa mga interaksyon at aktibidad outdoors kaysa sa karamihan ng mga indoor na interaksyon at aktibidad. Maaaring lubos na mabawasan ang mga panganib na nauugnay sa mga operasyong ito sa pamamagitan ng mga kondisyon, para matiyak na sapat ang pagdistansya sa isa't isa at malimitahan ang pagsasama-sama ng mga miyembro ng magkakaibang sambahayan.

b. <u>Paglalarawan at Mga Kondisyon.</u> Ang mga restaurant at iba pang pasilidad para sa pagkain na dati nang pinahintulutang magbigay ng serbisyo sa dine-in na pagkain ay maaaring magbigay ng mga sit-down na meal, depende sa mga sumusunod na kinakailangan at limitasyon, na bukod pa sa mga iniaatas sa ibang bahagi ng Utos:

i. Dapat limitahan, sa mag paglalaan ng outdoor na upuan, ang bilang ng mga patron sa iisang mesa sa hindi hihigit sa anim na indibiwal, kung saan mula silang lahat sa iisang sambahayan o unit ng tirahan. Hindi puwedeng kumain sa iisang mesa ang mga miyembro na mula sa magkakaibang sambahayan o unit ng tirahan;

ii. Dapat isaayos ang mga mesa sa paraang tiyak na may anim na talampakang distansya sa pagitan ng bawat mesa, kung saan walang customer ang may mas mababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang customer sa ibang mesa;
iii. Ang mga lounge, gaya ng mga fire pit, ay maaaring puntahan ng mga tao mula sa magkakaibang sambahayan o unit ng tirahan, basta't magpapanatili sila ng anim na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng pagkakataon;
iv. Hindi pinapayagan ang mga panlibangang event sa ngayon;
v. Dapat sumunod ang outdoor dining, paglalaan ng upuan para sa outdoor dining, at serbisyo sa pagkain sa mga lokal na batas, regulasyon, at kinakailangan sa pagpapahintulot, kasama ang:
   1. Para sa mga restaurant at iba pang pasilidad para sa pagkain na muling magbubukas matapos ganap na magsara nang isang buwan o higit pa, titiyakin ng operator, bago magbukas ang mga ito, na:
      a. Gumagana ang lahat ng kagamitan, plumbing, at ventilation system;
      b. Napanatili sa tamang temperatura ang lahat ng pagkaing naka-store sa lugar at hindi nakontamina ang mga ito (kung may alinlangan, dapat itapon ang pagkain);
      c. Dapat itapon ang lahat ng nag-expire nang pagkain;
      d. Dapat puksain ang anumang insekto o daga;
      e. Nalinis nang mabuti ang pasilidad; at
      f. Updated ang kaalaman ng mga tauhan sa pangangasiwa o sertipikasyon sa pangangasiwa ng pagkain.
   2. Para sa lahat ng restaurant at iba pang pasilidad para sa pagkain, nagsara man ang mga ito o hindi:
      a. Kung hindi pa naisasagawa, linisin at i-sanitize ang mga kainan at ang lahat ng iba pang lugar na hindi nagamit;
      b. Suriin ang gabay sa "Gabay sa Industriya Kaugnay ng COVID-19: Mga Dine-In na Restaurant" ng Estado ng California sa https://covid19.ca.gov/pdf/guidance-dine-in-restaurants.pdf. Ipatupad ang mga pamantayan sa gabay na naaangkop sa partikular na operasyon ng restaurant, gaya ng iniaatas ng Utos na ito. Kasama rito ang pagsasanay ng empleyado, pagsubaybay sa kalusugan ng empleyado, paggamit ng mga paraan ng pisikal na paglalayo o harang, paggamit ng personal na pamproteksyong kagamitan ("PPE") gaya ng mga takip sa mukha sa mga lugar para sa mga customer, dagdag na paglilinis at sanitasyon, at iba pang naaangkop na pamantayan sa gabay;
      c. Ipaskil sa bawat entrance, sa paraang madaling makikita ng publiko at mga empleyado, ang nakasulat na plano sa kalusugan at kaligtasan at ang Protocol sa Social Distancing na iniaatas ng Utos na ito. Maaaring gamitin ng mga pasilidad para sa pagkain ang "Pangkalahatang Checklist ng Cal/OSHA Kaugnay ng COVID-19 para sa Mga Dine-in na Restaurant" ("Pangkalahatang Checklist") sa https://covid19.ca.gov/pdf/checklist-dine-in-restaurants.pdf bilang framework para sa nakasulat na plano sa kalusugan at kaligtasan, at lagyan ng check ang mga naaangkop na kahon. Makikita ang Protocol sa Social Distancing (Appendix A) sa https://www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/final_appendix_a_-_social_distancing_protocol_unlocked_0_0.pdf; at

d. Magtalaga ng (mga) supervisor/tao para sa COVID-19 na titiyak na maipapatupad ang plano sa kalusugan at kaligtasan ng mga pasilidad para sa pagkain at ang Protokol sa Social Distancing. Dapat ay palaging nasa site ang (mga) nakatalagang supervisor/tao para sa COVID-19 sa mga oras ng negosyo.

vi. Dapat mag-alok ang mga pasilidad na bukas para sa outdoor na dining ng pag-pick up sa curb, takeout, at/o alternatibo sa delivery. Dapat ihiwalay ang mga pila para sa pag-pick up o takeout mula sa outdoor na dining para hindi na kailanganin ng mga patron na pumunta sa outdoor na dining nang hindi kinakailangan;

vii. Nasa harapan dapat ng outdoor na dining ang stand ng host, para hindi na kailanganin ng mga patron na dumaan sa outdoor na dining nang hindi kinakailangan;

viii. Kung pinapayagan ang mga aso sa outdoor na dining, dapat tiyakin ng mga may-ari na mananatiling nakatali ang mga aso at na may distansya itong hindi bababa sa anim na talampakan mula sa mga customer na hindi nito kapareho ng sambayan;

ix. Inaatasan ang mga tagapag-alaga ng mga batang may edad na labindalawang taon pababa na tiyaking makakasunod ang kanilang mga anak sa mga patakaran sa social distancing sa lahat ng pagkakataon;

x. Maaaring magbenta ng alak sa mga patron kapag may kasamang meal, pero hindi ito maaaring hiwalay na ibenta;

xi. Dapat manatiling nakasara ang mga bar sa mga customer;

xii. Dapat regular na i-sanitize ang mga banyo;

xiii. Dapat ay may hand sanitizer at mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay sa outdoor na dining; at

xiv. Inaatasan ang mga patron na magsuot ng takip sa mukha maliban kung nakaupo sila sa dining table.

**(8) Mga Charter Boat**

a. <u>Batayan para sa Pagdaragdag.</u> Bukod pa rito, mababa ang intensidad ng kontak sa Mga Charter Boat at katamtaman lang ang bilang ng mga kontak kapag outdoors ang may katamtaman ang interaksyon sa pagitan ng crew at kapitan at mga pasahero. Dahil outdoors ang operasyon ng Mga Outdoor na Negosyo, mas maliit ang posibilidad sa mga ito na magkaroon ng transmisyon kumpara sa karamihan ng mga indoor na negosyo. Bukod pa rito, dahil sa mga charter boat, limitado ang magiging pagtaas ng bilang ng mga taong muling papasok sa workforce at ang pangkalahatang dami ng komersyal na aktibidad, at maaaring makatuwirang mapababa ng mga ito ang resultang panganib sa pampublikong kalusugan.

b. <u>Paglalarawan at Mga Kondisyon.</u> Maaaring mag-operate at magsakay ng mga pasahero ang mga charter boat, sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

i. Dapat limitahan ang bilang ng mga nakasakay sa bangka, sa paraang magagawa ng mga pasahero na magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa iba sa lahat ng pagkakataon;

ii. May distansya dapat na 6 na talampakan ang mga rod holder mula sa isa't isa;

iii. Dapat ipagbawal ng mga bangka ang hiraman ng mga kagamitan o iba pang item, ibig sabihin, bait at tackle o binocular;

iv. Bago sumakay, dapat maghintay ang mga pasahero sa docuk nang may layo sa isa't isa na hindi bababa sa anim na talampakan;

v. Hindi dapat magkamayan, maghati sa pagkain o inumin, o pisikal na lumapit sa isa't isa ang mga pasahero;
vi. Hindi dapat magkamayan, maghati sa pagkain o inumin, o pisikal na lumapit sa isa't isa ang mga pasahero kasama ng miyembro ng crew o kapitan;
vii. Dapat hugasan ang bangka at mga kagamitan pagkatapos ng bawat biyahe;
viii. Dapat i-sanitize ang mga banyo (kung mayroon) pagkatapos ng bawat paggamit, at mayroon dapat hand sanitizer o sabon at tubig sa mga ito;
ix. Available dapat ang hand sanitizer sa buong bangka;
x. Hindi dapat sumakay ang mga pasahero sa bangka hangga't hindi pinapayagan ng kapitan o crew ang pagsakay;
xi. Dapat ay may mga contactless na paraan ng pagbabayad ang mga bangka;
xii. Mga hand-held na lunch cooler lang ang maaaring dalhin ng mga pasahero. Hindi pinapayagan ang malalaking cooler sa bangka;
xiii. Inaatasan ang crew, kapitan, at mga pasahero na magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng pagkakataon (maliban kung kumakain o umiinom);
xiv. Dapat regular na linisin ang mga rail, counter, at upuan kung kinakailangan para mapanatiling malinis ang mga ito; at
xv. Paisa-isa lang dapat ang pagbaba ng mga pasahero, ayon sa tagubilin ng crew o kapitan.

Hindi kailangan ng mga pasahero mula sa iisang sambahayan o unit ng tirahan na dumistansya sa isa't isa. Bilang paglilinaw, ang mga pasaherong mula sa iisang sambahayan o unit ng tirahan ay hindi inaatasang magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa isa't isa, maaaring magkaroon ng mga rod holder na may distansyang mas mababa sa anim na talampakan, maghiraman ng kagamitan, at magbahagi ng pagkain o inumin sa isa't isa.